

# PANSURI NG KWALIPIKASYON

## Kwalipikado ba ako para sa mga regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho?

OO

HINDI

1. Nagtrabaho ka ba nang hindi bababa sa 680 oras sa iyong “basehang taon?”  
Ang iyong basehang taon ay ang unang apat sa huling limang lumipas na mga quarter sa kalendaryo bago ang linggo kung kailan ka nag-apply para sa mga benepisyo.
2. Nagtrabaho ka ba sa estado ng Washington nang ilang panahon sa nakaraang 18 buwan?
3. Kaya mo bang magtrabaho?  
Ang ibig sabihin ng kayang magtrabaho ay may kakayahan sa isipan at pisikal na kakayahan para magtrabaho.
4. Available ka ba para sa trabaho?  
Ang ibig sabihin ng available na magtrabaho ay may kakayahan kang magtrabaho nang walang mga limitasyong makakapigil sa iyo sa pagtanggap ng trabaho (halimbawa: mga isyu sa transportasyon, sakit, mga bakasyon, o kawalan ng pangangalaga sa pamilya/bata).
5. Tinanggal ka ba sa trabaho?  
[Alamin ang higit pa tungkol sa pagkakatanggal sa trabaho.](#)
6. Bumitiw ka ba sa trabaho?  
[Alamin ang higit pa tungkol sa pagbitiw sa trabaho.](#)
7. Na-discharge ka ba mula sa militar sa nakaraang 18 buwan?  
[Alamin ang higit pa.](#)
8. Wala sa mga pahayag na ito ang naaangkop sa akin. Kung walang naaangkop, piliin ang Oo.
  - Sinisante ako at kasalanan ko ito.  
[Alamin ang higit pa tungkol sa pagkakaroon ng sala.](#)
  - Nagwewelga ako sa aking employer.
  - Nakabakasyon (leave of absence) ako mula sa aking trabaho.
  - Nagtatrabaho pa rin ako.

Kung sumagot ka ng **Oo** sa KARAMIHAN ng mga tanong na ito: Malamang ay magiging kwalipikado ka para sa mga regular na benepisyo sa kawalan ng trabaho. Mag-apply para sa mga benepisyo sa lalong madaling panahon at aming susuriin ang iyong aplikasyon at pagpapasyahan kung kwalipikado ka. **Upang maiwasan ang mga pagkakamali at mas mabilis na mabayaran, pakitayak na i-download ang checklist ng aplikasyon at basahin ang impormasyon sa [esd.wa.gov/unemployment](http://esd.wa.gov/unemployment) bago mag-apply.**

Kung sumagot ka ng **Hindi** sa KARAMIHAN ng mga tanong na ito: Maaaring hindi ka kwalipikado para sa mga regular na benepisyo pero maaaring kwalipikado ka para sa mga pinalawak na benepisyo sa ilalim ng pederal na CARES Act sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Kumpletuhin ang checklist sa susunod na pahina para makita kung maaari kang maging kwalipikado.

NA-UPDATE NOONG: 04.21.20

# PANSURI NG KWALIPIKASYON

Kwalipikado ba ako para sa mga pinalawak na benepisyo sa kawalan ng trabaho na may kaugnayan sa pandemya ng COVID-19?

OO

HINDI

1. Wala ka bang trabaho o mas kaunti ang oras ng trabaho mo kaysa sa karaniwan dahil sa COVID-19?
2. Tinanggihan ka ba kamakailan para sa kawalan ng trabaho dahil hindi ka nakapagtrabaho nang 680 oras?
3. Nagtrabaho ka ba, pero nagtrabaho nang mas kaunti sa 680 oras sa Washington sa nakaraang 18 buwan?
4. Ikaw ba ay nasuring may COVID-19, may malubhang sakit at hindi makapagtrabaho?
5. Ikaw ba ay nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 at naghihintay para sa mga resulta ng pagsusuri o humihingi ng medikal na atensiyon?
6. Ikaw ba ay nasa mataas na panganib AT sinabihan ka ng isang medikal na provider na manatili sa bahay?
7. Nag-aalaga ka ba ng isang kapamilya o dependent na may COVID-19?
8. Mayroon ka bang kapamilya o dependent na nagpapakita ng mga sintomas ng COVID-19 at humihingi ng medikal na atensiyon?
9. Mayroon ka bang kapamilya o dependent na nasa mataas na panganib, naninirahan kasama mo at nananatili sa bahay para sa kanyang proteksiyon?
10. Nag-aalaga ka ba ng taong nasa mataas na panganib na pinayuhang manatili sa bahay para sa kanyang proteksiyon?
11. Nagsara ba ang paaralan ng iyong anak at hindi ka makahanap ng pangangalaga sa bata?
12. Sarado ba ang iyong lugar ng trabaho dahil sa isang opisyal na kautusan o kaso ng COVID-19, at hindi ka makapagtrabaho mula sa bahay?
13. Ikaw ba ay may sariling hanapbuhay?
14. Wala sa mga pahayag na ito ang naaangkop sa akin. *Kung walang naaangkop, piliin ang Oo.*
  - Bumitiw ako sa aking trabaho para sa mga kadahilanang walang kaugnayan sa COVID-19.
  - Bumitiw ako sa aking trabaho para lamang kolektahin ang mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.
  - Kasalukuyan akong tumatanggap ng vacation leave (pagliban para sa bakasyon), sick leave (pagliban kung may sakit) o binabayaranang pahinga sa trabaho (time off).
  - Maaari akong magtrabaho mula sa bahay pero pinipili kong hindi gawin ito.
  - Ako ay isang esensiyal na manggagawa, wala sa mataas na panganib at [natugunan ng aking lugar ng trabaho ang mga kinakailangan para sa kaligtasan ko](#), pero labis akong natatakot na magtrabaho.

Kung sumagot ka ng **OO** sa ALINMAN sa mga tanong 1-13 AT tanong 14, malamang ay kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Kung sumagot ka ng **Hindi** sa LAHAT ng mga tanong na ito, maaaring hindi ka kwalipikado. Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka sa ilalim ng mga pinalawak na benepisyo, mangyaring bumisita sa [esd.wa.gov](http://esd.wa.gov) para matuto pa, maghanda at mag-apply.

NA-UPDATE NOONG: 04.22.20